

HIBIK.....NINA-

**HERMENEGILDO FLORES,
MARCELO H. DEL PILAR,
ANDRES BONIFACIO, at
DR. JOSE RIZAL.**

Tinipon ni-

ANTONIO B. VALERIANO

Bulakan, Bulakan

- 1990 -

HIRIK ... Nina HERMENEGILDO FLORES
MARCELO H. DEL PILAR
ANDRES BONIFACIO
DR. JOSE RIZAL

Tinipon ni Antonio B. Valeriano (Bulakan, Bulakan, 1950)

Bago linisan ni Gat Marcelo H. del Pilar ang kanyang Lupang Tinubuan noong ika-28 ng Oktubre, taong 1888, patungong Espanya, upang makaiwas sa matatalim na kuko ng mga prayle na kanyang buong riting na binatikos at ibinunyag dahil sa kanilang pagmamalabis at katiwalian, siya ay nakipagkasundo sa kanyang kaibigang si Hermenegildo Flores, isang batikang makata na taga-Bulakan, Bulakan rin, na kapuwa sila susulat ng mahabang tula sa Tagalog na patuloy na tutuligsa sa mga prayle.

Sangayon sa kasunduang ito, si Hermenegildo Flores ay sumulat ng kanyang tula na pinamagatang HIRIK NG PILIPINAS SA INANG ESPAÑA, na pakaraan ay sinagot naman ni Marcelo H. del Pilar na pinamagatan niyang ANG SAGOT NG ESPANYA SA HIRIK NG PILIPINAS.

Si Andres Bonifacio ay sumulat rin ng isang tula na may pamagat na ANG KATAPUSANG HIRIK NG PILIPINAS na marahil ay sinulat niya pagkatapos mabasa ang ^{mga} ^{nina} tula ni Hermenegildo Flores at Marcelo del Pilar. Hindi pa rin natin masasabi na ang tulang ito ni Bonifacio ay siyang "Huling Hibik", sapaka't bago hiniril si Dr. Jose Rizal ay isang pangwakas na tula ang kanyang sinulat. Bagama't hindi niya ito nilaayan ng pamagat ay makatwiran na sabihin natin na ang tulang yaon ni Dr. Rizal ay siyang tunay na "Huling Hibik" sapaka't wala nang sumunod pa rito .

Sa unang pagkakataon marahil ay inihahandog ko sa mambabasa ang kabuuan ng apat na tulang ito. Ang sinulat ni Dr. Rizal ay sa wikang Kastila at sinikap kong isatagalog upang makahawig ng tatlong nauna.

HIBIK NG PILIPINAS SA YNANG ESPAÑA

Ni Hermenegildo Flores

- oOo -

Inang mapag-ampon, ESPANANG marilag,
Nasaan ang iyong pagtingin sa anak
akong iyong bunsong abang Pilipinas
tingna't sa dalita'y di na maka-iwas!

Ang mga anak kong sayo'y gumigiliw,
sa pagmamalasakit ng dahil sa atin,
ngayo'y inuusig at di pagitawin
ng mga prayleng ka-away mong lihiq.

Sa balang nasa mong kagaling-galingan,
ayaw ng prayleng ako'y makinabang
sa mga anak ko'y ang ibig nga lamang
isip ay bulagin, ang bibig ay takpan.

Nang di maisigaw ang santong matuid,
na laban sa madla nilang ninanais
pablibhasa'y wala silang ini-isip
kundi ang yumama't magdaya ang dibdib.

Kaya nga kahima't nalaban sa utos,
ng Concillo't, Regla nilang sinusunod
yuyurakang lahat kapag mahubusog
ang uhaw sa yaman nilang mga loob.

Ani sa Hacienda't kita sa simbahan,
sa minsang napasok sa mga sisiglan
ng mga convento'y di na malilitaw,
kaya naghihirap balang masakupan.

Sari-saring yaman ay pasok nang pasok,
sa mga convento't doo'y natutulog;
sa bagay na iya'y may di pagkasimot
ng ari-arian ng bayang tagalog?

Ang dulo'y marami sa mga anak ko,
ang di makabayad ng mga impuesto
sa gayo'y tataas ang mga rekargo
pagka't kailangan naman ng Estado.

Sa bagay na iyan ang mga mahirap,
na walang pagkunan ng dapat ibayad,
sa takot sa civil aalis nang agad
i-iwan ang baya't tutunguhi'y gubat.

Dito pipigain naman ang naiwan,
na di makalayo sa loob ng bayan
siyang pipiliting magbayad ng utang
kahima't wala nang sukat na pagkunan.

Maghanap-buhay ma'y anong makikita,
wala nang salaping ibayad ang iba,
pagka't naubos nang hititin ng kura
sa pamamagitan ng fiesta't iba pa.

Sa limit na fiesta't mga kasayahan,
ay walang ginhawang napala ang bayan,
kundi ang maubos ng tao'y lalong kailangan

Ang kapalaluang paggugol ng pilak,
ng dahil sa fiesta, ay di nagsakyat
sa langit, kung hindi ang santong pagliyang
ng puso ang siya lamang hinahanap.

Niyong ating Amang hindi madadaya,
sa inam ng fiesta at laki ng handa
sapagka't ang ating gawang masasama
ay di mangyayaring bayaran ng tuwa.

Ybigin ang Dios ng higit sa lahat,
at ito ang siyang lalong nararapat,
nguni't ang fraile'y walang hinahangad
kundi magpalalo't ang baya'y maghirap.

Pagka't sa kanila'y wala nang mainam,
paris ang magfiesta't dayain ang bayan
upandin ang kualta na pinaghirapan
ng mga anak ko'y kanilang makamkam.

Ang pangko mila sa mga anak ko
ay magbigay lamang sa mga convento
ng kualta'y sa langit naman patutungo
at ligtas sa madalang panganib sa mundo.

Sa gayong pangko'y sino bago kaya,
ang di mabighaning sumunod sa daya
ng mga fraile bakit ang akala
ng mga anak ko'y banal na mistula.

Saka sasabihing ang kanilang aral,
ay utos ni Cristong dapat na igalang
bago'y hindi gayo't kauna-unahang
lunalabag sila sa Poong May-kapal.

Sa harap ng altar, sa loob ng templo,
kahiman at hawak yaong Santisimo
minumura nila kung minsang tao
iyan ang pagsunod sa Poong kay Cristo!

At saka madalas sila'y mananampal,
kahima't sa loob ng mga simbahan,
anaki ay hindi nila nalalamang
ang loob ng templo'y dapat na igalang.

Iyan ang pagsunod sa utos ng Dios!
Iyan ang kanilang kababaang loob!
iyan nga ang kawang-gawa't paglilimos
ng mga fraileng sa yaman ay bantog!

Sa gayong ugali ang di makabata,
ay ipahuhuli't bibigyan ng sala:
kung saka-sakali't hindi makakaya
nama'y lilihiming papatain nila.

Tigni't sa kanilang kaway nahabakas,
magpahanga ngayon ang dugong nagdanak
niya. Pagsunod sa utos ng Dios!

Isisiwalat ko't nang di mo wikaing,
gawa-gawa lamang ito ng panimdim
ang kahambal-hambal na buhay na narating
niyong Bustamanteng namatay na martir.

Nang unang panahong siya ay mahalal,
na punong susundin niyaring kalagayan
ginanap na lahat na makakayanan
sa ikagagaling ng nasasakupan.

Pinagyamang lubos sa igiginhawa,
ako at gayon din naman ang Zamboanga,
at saka binalan na ayusin niya
ang pananalapi sa loob ng kaha.

Upandin ang dati na mapanghimasok,
niyong pa mang una sa di natatalos
ay mangatigil na ng panghihimasok
sa di karampatang kanilang nasakop.

Sa gayong nangyari ay siyang paelagpak
niyong KABABAAN na sinasagisag
ng mga fraile't kusang inilantad
ang dating ugaling sa tao'y magsukab.

Ang mapag-bendicio't mapuputing kamay,
na binahaakan ko ng buong paggalang
ang hawak na ostia'y kusang hinalinhan
ng mga bayani't natalas na punyal.

Kaya't ang ginawa nila'y nagpalabas
ng isang proseciong gabi nang ilakad
saka sa palacio nang sila'y matapat
di kaginsa-ginsa'y nagdilim at sukat.

Dito sa umugong sa mga anasan,
senteciang malupit na napakarawal
sa paglililuhi't magtatampong buhay
ng dakilang punong tapat na magmahal.

Nangagpanhikan na ang masamang loob,
na mga fraile't nangunguna'y cruz
sa kinahihiga'y pinukaw ng poot
yaong walang malay sa pagkakatulog.

Agad kinaladkad na di pinabangon,
hanggang sa hagdanan, niyong mga pusong,
pinag-saksakanan pagdating sa silong
saka nagsigawang! "VIVA LA RELICION!"

Mula noo'y walang ibang matatanaw
sa lubhang malupit nilang mga kamay
kung hindi ang bangis niyong kamatayan
at dugong nanagos sa hawak na punyal.

Sa balang i-imik, sa balang luluba
ng habag sa puno na napanganyaya
mga kamay nila sanday sa pag-iwa
ay dinangi-ngimi't laging naka-ambag

Kaya ang luha kong noo'y tumagietis,
ay hindi sa aking mata namalisbis
kun dili sa puso na hihibik-hibik
hanggang sa magbato sa pitak ng dibdib.

Yto't ang iba pang mga kagagawan,
ng mga fraileng dine lumilitaw
ay hayag na hayag sa sangsinukuban
kaya at marami namang nasuklam.

Ang iba't iba pang pinigta ng luha,
ohas ng historiang nagsisipagluksa
ng dahil sa gawa nilang masasama
ang siyang tanungi't upang maniwala!!!

Ang lahat na ito'y di ko sana ibig
na aking banggiti't ako'y nahahaple;
nguni't mabuti rin ang iyong mabatid
ng kamahalan mo yaring pagka-anis.

Saka ang isa pa'y mabuti rin naman
ang isip ng mga anak ko'y mabuksan
upang makilala yaong kamalian
ng mga fraileng may hangad sa yaman.

Sapagka't sa aking anak ay marami,
ang napahihibo sa mga fraile,
lalong-lalo na uga ang mga babae
na sumisira pa ng loob sa lalake.

Dahil sa marami ngayong sumasabog,
na mga libritong talagang panakot
lamang ng mga fraile't upang sumunod
sa kanilang daya; ang mahinang loob.

Nang maniwala ka'y ipakikilala,
ang mga libritong aking binanggit na,
nguni't mabuti rin ang iyong nabasa
ay ihabalita ngayong isa isa.

Sa unang librito'y ipinagsasaaysay,
ang mga anak lo'y tunay raw na kalaban
kaya hindi na nga dapat na mag-aral
oh sabing mahapdi't, kapait-paitan!

At sa ikalawa nama'y inuusig,
ang balang magsabi ng wastong matuid
dahil sa ayaw nilang mariringig
ang kaputuhanan pag siyang nabanggit.

At ang sinasabi naman sa ikatlo,
ay pawang paglailait sa ating Gobierno
pagka't kung lisanin ang kalagayan ko
nila'y sasama raw akong panibago.

Saka ang isa pang sinasabi nila,
ay napasusuhold ang mga justicia,
ano pa nga't walang hindi minumura
ang mga fraileng masakim sa kualta.

Sa bagay na iya'y dapat nang mapansing,
sa mga fraile kung ikagagaling
ng kalagayan ko'y wala nang hihintin
kahit ipaubos ang aking paggiliw.

Sila'y itinapon ng iyong kandungan,
gayon din ng Francia't iba't ibang bayan;
dine ihampon ko't pinagpalang tunay
binusog ng hindi biro-birong yaman.

Sa lahat ng hayang pinarunan nila,
ay saan nagtamong lubos ng ginhawa,
kun hindi sa akin na kumikilala
ng iyong pautang mapandukhang ina?

Sila'y walang ibang masalat sa akin
kung hindi pagsuyo, galang at paggiliw,
ano nang masabi nila at mahiling
ay di nasisira't agad kong tutupdin.

Ang mga anak ko'y turuan nga lamang
ng balabalaking dapat matutuhan
kahima't maubos ang lahat ng yaman
kikilanin ko pang karakilang utang.

Datapwa't sa aki'y daya at pag-api,
ang siyang nakaya palang iginanti
kaya hangga ngayo'y sa ikabubuti,
ng kalagayan ko'y wala pang masabi.

Gayon na'y ako pa ang siyang masama,
kung aking idaing yaring pagka-aba;
sari-saring dusa nama'y nagbabala
sa balang dumalaw, sa aking pagluha.

Kung ito ang iyong utos sa kanila,
akong iyong bunso ay tumatalima
at tinanggap ko nang buong pagsinta
sa kamahalan mo naman ang parusa.

Ragama't sa isang ina ay alangan,
humatol sa anak na ikawamatay
kung ikaw ang siya na ~~panatili~~ pang-gagalingan
ay tinatangap din ng buong paggalang.

Yanang may Justiciang hindi humihilig?
kung dili sa balang ayos sa matuwid
sa di natutulog na awa ng langit
ipaubaya yaring pagka-amis.

Nguni't hindi kaya ngatnatin ng pula,
ng ibang potensia sa balagt ng lupa
ang kamahalan mo kung mapag-unawang
sa anak ay inang tunay ang dumusta?

Hanggan dito, ina't ang bahala'y ikaw!
dangal mo'y tanghalin ng sansinukuban,
ang pagkakasundo ng labat mong kawal
ay lumagi nawa sa kapayapaan.

- oOo -

Kalathala sa PARNASONG TAGALOG ni A. G. Abadilla,
pinamatnugutan ni Efren R. Abueg, MCS Enterprises,
Inc., Maynila, 1973, pahina 66-73. (Si Hermenegildo
Flores ay kaibigan ni Marcelo H. del Pilar at isa

Noong taong 1889, sa Barcelona, Espanya, ay ipinalimbag ni Plaridel ang kanyang sinulat na tula bilang sagot sa tulang sinulat ni Hermenegildo Flores at nagpadala ng mga sipi sa Pilipinas. Ang mahabang tulang ito ni Plaridel ay binubuo naman ng 82 saknong na ang bawat isa ay nagtataglay ng apat ring talata, tulad ng kay Flores. Ang kabuuan ng tulang ito ng Dakilang Bulakenyo na pinamagatan niyang SAGOT NANG ESPAÑA SA HIBIK NANG PILIPINAS ay nagsasaad ng ganito:

SAGOT NANG ESPAÑA SA HIBIK NANG PILIPINAS

Ni Marcelo H. del Pilar

Puso ko'y nahambal ng aking maringie
hunso, ang taghoy mo't mapighatang hibik;
wala ka, anak kong, sariling hinagpis
na hindi karamay ang ina mong ibig.

Uala kang dalita, walang kahirapan
na tinitis kang di ko dinaramdam;
ang buhay mo'y bunga niring pagmamahal,
ang kadustaan mo'y aking kadustaan.

Pag silang mo, hunso, sa sangmaliwanag
nang panahong ako'y di pa nagsasalat
ualang inadhika ang ina mong liyag
kundi puspusin ka ng ginahawa't galak.

Sa aua ng langit icao ay sagana
ng sukat iyamang malalagong lupa
kahat ng pananim uala mang alaga
sa kaparangan mo'y tumutuhong kusa.

An tabaco't cafe, palay, tina't bulak
ahaca at tuho'y kailangan nang lahat;
sa manga lupa mo'y tantong nag gugubat
Itong sa sanemundo'y hirap mahaguilap.

Sari-saring kalap na sakdal ng tibay
sakdal ng la-laki, sa dikit ay sakdal;
hindi makikita sa sangdaidigan,
neuni't sa hundok mo'y nangakalat lamang.

(7)

Sari-saring hayop malaki't maliit
buhat sa ma-amo magpa hanggang ganid
saranang sagana sa lupa mo't labis
sa cailangan mo, bunsong iniibig.

(8)

Ang asufre't tingga, ang tanso at bakal
ang guinto at pilac ay nangahuhukay,
sa mga lupa mo't sa dagat man nama'y
sari-saring perlas ang natatagpuan.

(9)

Tantong naliligid ang mga lupa mo
ng dagat ng China't dagat Pacifico;
balang mangalakal sa b'yong sangmundo
pauang na-aakit dumalaw sa iyo.

(10)

Talaga nga manding ikaw ang hantungan
nang sa ibang nacióng sinimpang puhunan;
ikaw nga't di iba dapat makinahang
nang yamang sa iyo'y gauad ng May-kapal.

(11)

Sa gayo'y kailangan mata mo'y mamulat
isip ay guisingi't ng makatalastas
ng sukat asaling ipagkakapalad
sa buhay na ito't ng di ka maghirap.

(12)

Akong iyong ina'y taga-tupad bilang
nang mga tadhana ng Poong May-kapal
ipina-iwi ka't ang hangad ko lamang
musmos na ispp mo'y sakiting aralan.

24/11/83
7/27/83

(13) Ituro sa iyo ang utang na loob
sa nagkakan/diling maawaing Dios;
matuto ka namang sumamba't umirog-
puso mo sa kanya'y huwag makalimot.

(14) At para mo na ngang pasalamat hilang,
ay makapagtanggol ka sa kapanahunan
ng aring tinago't mapamahalaan
tapat na paggamit ng santong katuwiran.

(15) Ang tagapagturo'y pinakapili ko
hinirang sa lalong mabait na tao;
ako'y nahighani't umasang totoo
sa may sinumpaang mahigpit na boto.

(16) Ang lahat ng frayle ay may sinumpaang
sa harap ng Dios, na anaki'y tunay,
na ito raw mundo'y kusang tatalikdan
kusang tumatanggi sa lahat ng yaman.

(17) Saan di nga бага, bunsong ginigiliw,
frayle ang siyang aking hibirangin
na tagapag-iwi bilang taga-tingin
sa iyo't ng di ka бага pagliluhin.

(18) Mahigit na ngayong tatlongdaang taon
na ini-iwi kang frayle ang may kandong;
katiwala akong sa gayong panahon
ang isip mo't yaman nama'y yumayabong.

Donez
72

(19) Katiwala akong napapanuto ka
sa landas ng iyong sukat iginhawa;
katiwala akong dangal mo't ligaya
ngayo'y tinatanghal na ualang balisa.

(20) Tatlong sacerdote ang ipinabitay,
bukod sa maraming pinahihirapan,
at dili umano'y nakapipigil daw
ng iyong ligaya, bunsong minamahal.

(21) Hindi ko ininot ang boo kong asa
ay pagmamasakit ang ginawa nila
sa pagkabuhay mo't hindi ko na puna
magdarayang udyok ng masamang pita.

(22) Sa abang aba ko't laking kamalian
laking pagkasawi! laking kadustaan!
na ipagpahaya sa kapahamakan
ang dapat mahaling usbong niring buhay.

(23) Ngayon ko nga lamang, hunso, natalastas
na ang mga aba at kinulang palad
ay pawang mahait, pawang narsisikap
dangal at katuwira'y igalang ng lahat.

(24) Frayle'y napoot sa magandang nais
ng sa ati'y tapat kung magmalasakit,
ngayon ko natanto, ngayon ko nabatid
ang kandili nila'y bagkus pang gagahis.

April
8/14/52

(25) Ang kayamanan mo'y sila ang sumamsam
ngalan pa ng Dios ang sinasangkalan
at dinadaya kang di mo raw kakamtan
ang langit kung hindi sila ang bayaran.

(26) Di ka raw titingnan ng Mahal na Virgen
kundi ka humili ng sintas at kalmen;
paghindi mainam ang pagpapalibing
ang harap ng Dios, hindi sasapitin.

(27) Sa paniniwala ng mga anak mo
maraming naghirap, at na sa combento
ang kanilang yama't sila'y inquilino
na mamumuwisan sa paring natuto.

(28) Ang lupang linawag at pinaghirapan
ng magulang nila't mga kanunuan
ngayo'y asienda na't nahulog sa kamay
ng hindi nagpagod at di namuhunan.

(29) Ang laki at higpit sa panaapanahon
ng pagpapa buwis ay sulong ng sulong
maka singil lamang ay di linilingon
hirap ng magsaka't pawis na ginugol.

(30) Salapi at pagod ng nagsisibuwis
ay walang katumbas kundi ang mahapis
tanghaling sagana ang hindi nagpawis
mabaon sa utang at tumangis tangis.

*Order
8/16/17*

31) Ang lahat ng ito'y ninanais sana
ng malagyang lunas ng sinta mong ina;
nguni't pa-anhin mo, ngayo'y matanda na
hapo na sa hirap ako't walang kaya.

32) Ang mga halitang Legaspi't Salcedo
at iba't iba pang ina-asahan ko
sa pag-kakalinga ng tapat sa iyo,
ngayon ay wala na't inulila tayo.

33) Sa nangatitirang ngayo'y nabubuhay,
oo't may mahait, hayani at paham;
nguni't sila sila'y nangag-iiringan
di magkasundo sa ano mang pakay.

34) Sa ibig ng isa'y hahadlang ang iba
sa balang kuruin ay di magka-isa
walang mangyayari tungkol may halaga
sa gayo'y paanong a-asahan sila!

35) Kaya kailangan, hunsong ini-irog,
matutong magtiis i-ayon ang loob,
sa madlang dalita, kung ayaw kumilos
ang mga anak mo sa pagkakatulog.

36) Mga taga-rine, Francia, Alemanía
at iba pang nasyong dito sa Europa
ay nangaghirap din sa frayle ng una
pawang nangadaya, pawa ring ginaga.

Arnel
8/16/72

37) Kanilang nasayod lahat ng hinaggis sa paniniwala't maling pananalig sa frayleng nagpangrap na taong malinis na nagpakadukha't nag-anyong mahait.

38) Bayan palibhasa'y marunong mahabag ay nahambal ngani sa ~~na~~ nakitang hirap, ang frayle'y kinandong pinuspos ng lingap, ang mga combento'y sumaganang lahat.

39) Frayle'y hindi naman nagpapahalata dagdaga't dagdagan pagaanyong aba hindi napapansin lihim nilang banta na mamamaya'y kanilang mapiga.

40) Sapagka't ang frayle'y hindi kaparis niyong mga Paring itim kung manamit, ang frayle'y anak sa bundok at yungib ng mga magulang na napakagipit.

41) Anak sa dalita't boong pagsasalat walang nalalamang gawing paghahanap, kaya kailangang tuyu-in ang lahat upang manariwa ang sariling balat.

42) Pag may mamamatay na tila mayaman frayle ang aagap nagpapakumpisal, at i-uukilkil na ang pamanahan ng aring inimpok ay combento lamang.

*April
8/14/50*

43) Hignog, kamag-anak ay dapat limutin sa oras na iyon, siyang sasabihin, kaluluwa't yama'y dapat na ihain sa frayle't ng huwag inferno'y sapitin.

44) Ang lahat ng ito'y nadaragdagan pa ng bala-balaking panilo ng kuarta kalmen, sintas, kordon, palibing, pamisa ay pawang pangdukot sa maraming balsa.

45) Sa gayon ng gayo'y lumaki nga naman ang ari ng frayle't naghirap ang bayan; nahalinhan bigla ng kapalaluan ang hinalatkayong kababaang asal.

46) Diyan na naninghal, diyan na nang-api boong kataksilan ang pinapangyari, ang hawa't pinuno'y sa frayle ang kampi haya'y namighati sa pagkadohagi.

47) Ganda ng babae, ang dunong, ang yaman ay nagiging sanhi ng kapahamakan, walang sumaklolong maykapangyarihan sa kuwalta'y nayuko baras ng katuwiran.

48) Ang balang magsabi, ang balang mag-isip na magpa-aninaw ng santong matuwid, walang mararating kundi ang waamis luha'y patulu-in hanggang sa ma-inis.

Opel
8/16/82

Si Gat Andres Bonifacio - bago siya pinatay noong
ika-5 ng Mayo, taong 1897 - ay sumulat din ng isang tula
sa Tagalog na katugon ng mga tula ni Plaridel at Flores.
Mahihinuha natin na ang tula ni Flores at Plaridel ay kapwa
nabasa ni Bonifacio at siyang nagbunsod sa kanya upang isulat
ang kanyang katugong tula na pinamagatan niyang KATAPUSANG
HIBIK NG PILIPINAS at binubuo ng 14 na sagnong na ang bawat
isa'y may apat na talata.

Narito ang kabuuan ng tulang ito ni Bonifacio - ang
"Bayani ng Maynila":-

KATAPUSANG HIBIK NG PILIPINAS

Tula ni Andres Bonifacio

Sumikat na Ina sa sinisilangan,
ang araw ng pool ng Katagalugan,
tatlong daang taong aming mingatah
sa dagat ng dusa ng karalitaan.

Walang isinuwag kaming iyong anak
sa bagyong masasal ng dalita hirap,
iisa ang puso nitong Pilipinas,
at ikaw ay di na Ina naming lahat.

Sa kapuwa Ina'y wala kang kaparis,
ang layaw ng anak, dalita't pasakit,
pag nagpatrapang sa iyo'y humibik,
lunas na gamot mo ay kasakit-sakit.

Gapusing mahigpit ang mga tagalog,
makitang nagtiting parang isang hayop,
kubain sa sikad, kulata, at suntok—
ito baga, Ina, ang iyong pag-irog?

Ipabilanggo mo't sa dagat itapon,
bahin, lasunin, nang kami'y malipol,
sa aming tagalog ito baga'y hatol,
Inang mahabagin sa lahat ng kampon?

Aming matuis hanggang sa mamatay,
pangkay nang mustula'y ayaw pang tigilan—
kaya kung ihulog sa mga libingan,
lunas na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Pilipinas
sa layaw sa Ina kundi pawang hirap,
tiis ay pasulog, patente'y nagkalat,
rekargo't itop, westo'y nagsala-salabat.

Sarising sa pagmamahal,
kasabay sa itong mga anak, aming anak,
may sa ahimbak sa pagmamahal, Ina,
kahit isang layaw'y wala ang kasilap.

Ang lupa at bahay ni Ina'tabanan,
bulid at tubigan, katulad ng awakan,
at gayon din pang mga tabanan,
sa paring kasinang binubuwisan.

Bukod pasasigang ito'y ita't ilapa,
huwag nang sayayin, Oh Inang Espanya,
sino'd kaming lahat hanggang may himaga,
tagalog di'y siyang inamamasama pa.

Ikaw nga, Oh Inang babay, sukahan,
kami'y di na iyo sa mga humanggag,
Inang mo, Ina, ang paghulingan,
sa mawawakawak na maraming balaka.

Sa sangmalawanan ng ayon ay sasabag,
ang bahala't kanyong katulad ay kulog,
ang sigwang masasal sa ditrong aagos,
ang katulang bulang makikipamook.

Di na kalangan sa iyo ang awa
ng mga tagalog, Oh Inang kunda,
paraiso namun, ang kami'y mapuksa,
at langit mo naman ang kami'y madusta.

Paalam na, Ina, itong Pilipinas,
Paalam na, Ina, itong mga hirap,
Paalam, paalam, Inang pangang habag,
Paalam na ngayon, Inang pangang awa.



Ang Pahimakas ni Gat. Jose Rizal
Isinatagalog ni Antonio B. Valeriano

May katambah na pagsasalarawan
ni Jorge Pineda



Bulakan, Bulakan
1989



JIFI NG UKRIMAL NA SULAI-KAMAY NI DR. JOSE RIZAL NG KANYANG WALANG KAMATAYANG:-

"ULTIMO ADIOS"

Adios, Patria adorada, region del sol querida,
Pera del mar de Oriente, nuestro perdido Eden!
Itante vry aliya la triste muerta vida,
Y fuera más brillante más fresca, más florida
Tambien por ti la tierra, la tierra por tu bien.
En campos de batalla, luchando con delirio
Otros te dan sus vidas sin dudas, sin pesar;
El sitio nada importa, ciprés, laurel o lirio,
Cadales o campos abiertos, combate o ciñel mortorio.
Lo mismo es si lo piden la patria y el hogar.

De muero cuando ves que el cielo se colora
Y al fin a ruina el dia tras lobregos capuro;
Si gana necesitas para teas tu aurora,
Vierte la sangre mia, derrámala en hora hora
Y dínale un reflejo de su naciente luz.

Allí cuando apenas muchacho adolozante,
Allí cuando joven ya lleno de vigor,
Fuera el verte un día forja del mar de Obanet
Sera los mejores ojos, alba la tierra frente,
Sin ceño, sin arrugas, sin manchas de rubor.

Insensato de mi vida, mi ardiente oiro anhelo,
Salud te quite el alma que pronto va a partir!
Salud! ah que lo he moros caer por dante vicio,
Morir por dante vida irrovi bajo tu cielo.

Si sobre mi sepulcro oves borad un día
Entre la espasa y elba sencilla, hincánde flor
Fórcala a tus labios y besa al almid mia,
Y sienta yo en mi frente bajo la tumba fria
De tu ternura el coplo, de tu hálito el calor.

Deja a la luna verme con luz tranquila y serena
Deja que el alba curie en replantador fuego,
Deja gemir al viento con su murmurillo grave,

De diosidad y pesa sobre mi cruz un ave
Deja que el ave intone su cantico de paz.
Deja que el col ardiente las lluvias evapore
Y al cielo torren fúera con mi clamor en por;
Deja que un ves arroyo me fino transparente lloro
Y en las lanchas hárme cuando por mi alguien me
Ora también, Oh Patria, por mi descauso a Dios!

Por por todos cuantos murieron con ventura,
Por cuantos se pasieron tormentos sin igual,
Por nuestras pobres madres que gimen su amargura,
Por hermanos y amigos, por presos en tortura.
Yo no sé tu que ves tu redencion final.

Y cuando en noche oscura se murmuró el cementerio
Y los vientos murientes quedan velando allí,
No turbes su reposo, ni turbes el misterio
Del vey acorda, sigas de citara o saltorio.
Yo ya quisiera patria, yo quisiera canto a ti.

Y cuando ya mi tumba de todos olvidada
No tenga vna ni piedra que marque su lugar,
Deja que la ara el hombre la espasa con la ayada,
Y mis cenizas antes que vuelvan a la nada,
El polvo de tu alfombra que vayan a formar.

Albitones nada importa me pongas en olido,
Inabintipon tu espasa, tus vellos frígore,
Vibrante y limpia nota seri para tu oido,
Jorno, luz, colado, memo, canto, gemido
Constante repitiendo la esencia de mi fe!

Oh patria olvidada, dolor de mis dolores,
Quisiera Filipinas, ay el pasher adio.
Allí te dejo toda mis padre, mis amores,
Voy donde no hay esclavo, radrigos ni opresion,
La fe me viata donde al que reyna es Dios.
Adios, Padre, y hermanos, hijos del alma mia
Amigos de la infancia en el perdido hogar,
Dad gracias que descauso del fatigado dia,
Adios, dulces estampa, mi amigo, mi aliya,
Adios, quando seres morir es descansar.



The alcohol stove used by Rizal during his confinement and where he hid the manuscript of the "Ultimo Adios." The stove was later delivered as a gift to Trinidad Rizal, his younger sister, on the eve of his execution. Both the table and the stove are at present in the possession of Don Estanislao Herboza, a nephew of the hero.



I. *Adiós, Patria adorada, región del sol querida,
Perla del Mar de Oriente nuestro perdido edén,
A darte voy, alegre, la triste, mustia vida;
Y fuera más brillante, más fresca más florida,
También por tí la diera, la diera por tu bien.*

PAALAM, bayan kong mihimula, lupong pinagpapala ng araw,
Hilagang Dagat Silanganan, paraisong sa aming pumanaw;
Ala ngayo'y masayang aalis, kandog sa 'yo' ang aba kong buhay,
Naging ito man ay masarwa, daratila a lalong makulay,
Sa'yo ng ikatuluwalhati'y maligod ko pa ring tyagalay.



2. En campos de batalla, luchando, con delirio,
Otros te dan sus vidas, sin dudas, sin pesar.
El sitio nada importa: ciprés, laurel o lirio,
Cadalso o campo abierto, combate o cruel martirio
Lo mismo es si lo piden la Patria y el hogar.

DOON sa larangan ng digmaang paghahayok ay lubhang mabangis,
Iba'y buhay ang tallalaan nang walang atubill at hapis;
Ang pook ay hindi alumana, kahit na magwangi o magdhis;
Maging bibitayak man o porang, pakikibaka o pagtitis;
Ang mga ito'y pawang tisa kung baya't takunan ang may uats.



3. Yo muero, cuando veo que el cielo se colorá
Y al fin anuncia el día, tras lóbrego capuz;
Si grana necesitas, para teñir tu aurora,
¡Vierte la sangre mía, derrámala en buen hora,
Y dórela un reflejo de su naciente luz!

AKO ay yayaong nasisilip, ang langit mo ng bahamanaag
At ibinabadyang sisikat na ang araw sa kabila ng ulap;
Kung ang kailangan mo'y pangkulay upang tumingkad ang yong banaag,
Narito ang dugo ko't ibubo, isabog sa natutugmang oras,
At nang sa gayo'y lalong kuminang ang iyong ngumingiting liwanag.




4. *Mis sueños, cuando apenas muchacho adolescente,
Mis sueños cuando joven, ya lleno de vigor,
Fueron el verte un día, joya del mar de Oriente,
Secos los negros ojos, alta la tersa frente,
Sin ceño, sin arrugas, sin manchas de rubor.*

*ANG mga pangarap ko sa buhay noong lumipas kong kabataan,
Mga pangarap rin nang lumaki at sumagana ang kasiglahan,
Melita kong ikaw ay matampok, hiyas nitong Dagat Silanganan,
Mga mata mo'y tuyo sa luha at ang noo mo ay nakatunghay,
Walang kalumbayan, walang kunot o ano mang bakas kchihyan.*



5. *Ensueño de mi vida, mi ardiente vivo anhelo,
 ¡Salud! te grita el alma, que pronto va a partir;
 ¡Salud! ¡ah, que es hermoso caer por darte vuelo,
 Morir por darte vida, morir bajo tu cielo,
 Y en tu encantada tierra la eternidad dormir!*

*PANAGIMPAN, nitong aling buhay at nagaalab kong paganaid,
 Mabuhay ka! Ang panaghoy nitong kaluluwa kong agayo'y paganaid,
 Mabuhay ka! Kay igandang mabawal at diwa namang ityang mabindig,
 Mabuhay ka at ako'y malugmok upang sa silong mo'y matakimik,
 At sa lupa mong puspos alindog, ako ay walong hanggang maldig.*



8. *Deja que el sol, ardiendo, las lluvias evapore
 Y al cielo tornen puras, con mi clamor en pos;
 Deja que un sér amigo mi fin temprano llore;
 Y en las serenas tardes, cuando por mí alguien ore,
 Ora también, oh Patria, por mi descanso a Dios.*

*HAYAANG ang hamog sa puntod ko ay pawlin ng matinding sulit.
 At husilak sa pumailanlang lakip yaring mga hinanakit;
 Bayuang ang usang kalbigan ang pagyao ko'y kanyang ikibik;
 At kung ako'y ipagdasaal niya sa dapit-hapong tubhang lakimik,
 Idalangin mo rin, O Bayan ko, na sa Maykapal ako'y maligpit.*



9. Ora por todos cuantos murieron sin ventura;
Por cuantos padecieron tormentos sin igual;
Por nuestras pobres madres, que gimen su amargura;
Por huérfanos y viudas, por presos en tortura,
Y ora por tí, que veas tú redención final.

IPAGDASAL ang mga nasawi na sa kapalarang budyang kapos,
Gayon din ang mga nagbabata ng di mapantayang kapad't kirot,
Ang kawawa nating mga ina na ang pighati'y itinataghoy,
Ang mga bala at naulila, mga bilanggong sa dusa'y lugmok,
At ipagdasal pa ring sa wakas, deaw naman ang sarang matubos.



10. Y cuando, en noche oscura, se envuelva el cementerio,
Y solos sólo muertos queden velando allí.
No turbes su reposo, no turbes el misterio:
Tal vez acuerdes oigas de citara o salterio;
Soy yo, querida Patria, yo que te canto a ti.

KUNG pumadt na at ang libinga'y nalalagom na ng sullang dillm
At tanging mga bangkay na lamang ang riyung nagbobontay ng Hhim,
Ang hiwaga at katahimikan ay huwag sanang gagambalain;
At kung kayo-oy may mapakilingang magkasalho na kudyap't tinig,
Ako ay yaos, O Bayang Iyag, sa iyo'y mesayang umacawit!



II. Y cuando ya mi tumba, de todos olvidada,
No tenga cruz ni piedra que marquen su lugar,
Deja que la are el hombre, la esparza con la azada,
Y mis cenizas, antes que vuelvan a la nada,
El polvo de tu alfombra que vayan a formar.

AT kung sakaling ang libingan ko'y tuluyan nang malmot ng tanan,
Wala ni krus o kaya ay batong tanda ng aking lupang himlayan,
Hayaang ang lupa ay bungkali't ikalat ng isang naglibnang,
At ang aking mga abo bago bumalik sa kanyang pinagmulan,
Alabok ko'y isapog at maging scpin sa lupa mong daraganan.



14. Adios, padres, y hermanos, trozos del alma mia,
 Amigos de la infancia, en el perdido hogar;
 Dad gracias, que descanso del fatigoso dia;
 Adios, dulce extranjera, mi amiga, mi alegria;
 Adios queridos seres. Morir es descansar.

PAALAM na aking ama't tsa, mga kapilas ng aking dibdib,
 Mga kalare ko sa takanang loon nang sa amia ay nawaglit;
 Ipagpasalamat itong wakas ng mga pagod kong tinig;
 Paalam na banyaga kong irog, aking kawlayaw at pagibig;
 Paalam sa mga hinihirang, ang mamalay ay pnanahimik!

